IB DIPLOMA PROGRAMME
PROGRAMME DU DIPLÔME DU BI
PROGRAMA DEL DIPLOMA DEL BI

M04/143/S(2)

**PILIPINO A1 – STANDARD LEVEL – PAPER 2**
**PILIPINO A1 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 2**
**FILIPINO A1 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 2**

Tuesday 11 May 2004 (morning)
Mardi 11 mai 2004 (matin)
Martes 11 de mayo de 2004 (mañana)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one essay question only. You must base your answer on at least two of the Part 3 works you have studied. You may include in your answer a discussion of a Part 2 work of the same genre if relevant. Answers which are not based on a discussion of at least two Part 3 works will not score high marks.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Traitez un seul sujet de composition. Vous devez baser votre réponse sur au moins deux des œuvres de la 3e partie que vous avez étudiées. Le cas échéant, vous pouvez inclure dans votre réponse une discussion sur une œuvre du même genre littéraire étudiée dans la 2e partie du programme. Les réponses qui ne sont pas basées sur au moins deux des œuvres de la 3e partie n'obtiendront pas une note élevée.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Elija un tema de redacción. Su respuesta deberá basarse en al menos dos de las obras estudiadas en la Parte 3. Se podrán hacer comentarios sobre una obra de la Parte 2 del mismo género, si fuera necesario. Las respuestas que no incluyan una discusión sobre al menos dos obras de la Parte 3 no recibirán notas altas.

*Sumulat ng sanaysay tungkol sa* ***isa*** *sa mga sumusunod na tanong. Dapat ibatay ang iyong sagot sa dalawa o higit pang akdang binasa sa Ikatlong Bahagi ng mga pinag-aralang panitikan. Maaaring isama sa sagot ang pagtalakay sa isang akdang nasa Ikalawang Bahagi, kung ito ay katulad sa anyo at kung may kaugnayan. Ang mga sagot na hindi ibinatay sa hindi kukulangin sa dalawang akdang nasa Ikatlong Bahagi ay hindi mabibigyan ng mataas na marka.*

**Nobela**

**1**. *Maaaring ito:*

(a) Paghambingin kung anong mga kasangkapang pampanitikan ang ginamit ng mga awtor sa kanilang mga akda upang patingkarin (*highlight*) ang problema ng di pagkakapantay-pantay sa lipunan.

*o ito:*

(b) Likhang-isip man, makapangyarihan ang nobela sa pagpapamulat ng mambabasa sa realidad ng kanyang partikular na panahon at kapaligiran. Batay sa iyong pag-aaral ng mga nobela, sumasang-ayon ka ba rito? Ipaliwanag ang iyong sagot.

**Maikling Kwento**

**2**. *Maaaring ito:*

(a) Sa isang maikling kwento, kadalasan binibigyan ng may-akda ang pangunahing karakter ng simbolikong halaga sa pagpapahayag ng kanyang pag-unawa sa buhay. Magkumpara ng mga akdang iyong napag-aralan na nagpapatibay sa pahayag na ito.

*o ito:*

(b) Ang tunggalian sa maikling kwento ang dahilan kung bakit may kwento. Maghambing ng dalawa o higit pang mga akdang magkakatulad ang tunggalian o pangunahing problema. Talakayin ang pagkakatulad o pagkakaiba ng resolusyon nito.

**Dula**

**3**. *Maaaring ito:*

(a) Isa sa mga inobasyon sa kontemporaryong dulang Pilipino ay ang pagtanggal ng pangunahing karakter. Sa dalawang akdang iyong napag-aralan, tingnan at ikumpara kung hanggang saan maituturing na makatotohanan ang pahayag na ito at ang epekto ng ganitong pagbabago sa buong dula.

*o ito:*

(b) Suriin ang paggamit ng tagpuang historikal sa dalawang kontemporaryong dulang iyong napag-aralan. Sa iyong palagay, nakatulong o nakasagabal ba ito sa pagpaparating ng mensahe ng dula sa kasalukuyang manonood?

**Tula**

**4**. *Maaaring ito:*

(a) Sa malayang taludturan, may dahilan ang makata kung bakit niya pinuputol ang mga linya sa isang partikular na paraan. Pumili ng dalawang akdang gumagamit ng malayang taludturan (*free verse*) at talakayin kung paano nakakatulong ang ganitong estilo sa pagbibigay ng tono at tekstura sa tula. Gayundin, paano nakakatulong ang mga ito upang palalimin ang kahulugan ng tula?

*o ito:*

(b) Nilalaman ng tula ang personal na interpretasyon ng makata sa mga bagay na itinuturing niyang mahalaga. Ang interpretasyong ito ay nagkakaroon ng pangmatagalang kabuluhan para sa mga mambabasa. Gaano katotoo ang pahayag na ito batay sa mga akdang iyong napag-aralan?

**Prosa (Hindi Kathang-Isip)**

**5**. *Maaaring ito:*

(a) Batay sa dalawang akdang iyong napag-aralan, paghambingin ang mga pananaw ng mga may-akda tungkol sa usapin ng kultural na identidad ng Pilipino.

*o ito:*

(b) Maghambing ng dalawang akdang prosa na nagtatalakay ng isyung pangkasarian. Paano binibigyang-kabuluhan ng mga akdang ito ang papel ng mga kababaihan sa lipunan?

**Panlahat na mga Tanong**

**6**. *Maaaring ito:*

(a) Ang elemento ng banyagang impluwensya ay matatagpuan sa maraming Pilipinong akdang pampanitikan. Talakayin ang mga paraan kung paano ipinakilala ng mga manunulat ang sangkap na ito sa mga akdang iyong napag-aralan.

*o ito:*

(b) Talakayin kung paano isinusulong sa mga piling akdang iyong nabasa ang tema ng pagkamabayan o nasyunalismo.

*o ito:*

(c) Sinasabing masiste (*combination of wit and humor*) ang mga Pilipino. Lumilitaw ang katangiang ito kahit sa mga akdang seryosong tumutuligsa sa mga katiwalian sa lipunan. Pag-isipan at paghambingin kung gaano katotoo ang pahayag na ito sa mga akdang iyong napag-aralan.

*o ito:*

(d) Sinasabing ang panitikan ay ang kabang yaman ng mga kolektibong alaala at adhikain ng sambayanan at, kung gayon, nagbibigay ng mas matapat na larawan ng kanilang bayan. Sa anong mga paraan at hanggang saan ipinagtitibay ito ng mga akdang iyong napag-aralan?

---